

**Pangalan ng Kandidato:** **Julie Kang**
**Pangalan ng Kampanya:** **Julie para sa Seattle D5**
**Website ng kampanya:** **https://julieforseattle.com/**
**Posisyon:** **Konseho ng Lungsod Distrito 5**
**Numero ng Telepono ng Kampanya:** **206.880.3873**
**Pagpapakilala ng Kandidato (limitasyon ng 200 salita):**

Matagal na akong residente ng Distrito 5, tagapagturo, at aktibong miyembro ng komunidad. Bilang isang imigrante na nagtayo ng aking buhay sa Hilagang Seattle, nauunawaan ko kung paano hinuhubog ng mga desisyon sa lungsod ang mga pang-araw-araw na realidad ng mga nagtatrabahong pamilya, mga imigrante, at mga maliliit na negosyo.

Kailangan nating makinig ang ating mga pinuno, at unawain kung ano talaga ang mga kakailanganin ng ating distrito. Ang mga prayoridad ko ay ang pagiging abot-kaya, abot-kayang pabahay, kaligtasan at panlutas sa kawalan ng tirahan, at mga proteksyon para sa mga imigrante.

Ginugol ko ang aking propesyonal na buhay sa pampubliko at mataas na edukasyon, sa pagsasanay ng mga guro upang ma-suportahan ang mga mag-aaral na multilingual. Nagtrabaho ako sa Pamantasan ng Washington at Pamantasan ng Seattle, nangunguna at nagdidisenyo ng mga malalaking programa, namamahala sa mga kumplikadong pampublikong badyet, at nagtatayo ng mga pakikipagsosyo sa iba't ibang sektor na nakatuon sa pananagutan, pagkakapantay-pantay, at mga resulta.

Naglilingkod ako sa lupon ng Haller Lake Community Club, nagboboluntaryo sa bangko ng pagkain, nagtuturo sa aming komunidad ng mga imigrante at namamahagi ng mga whistle kit, at nangunguna sa mga paglalakad sa FuseD5 upang suportahan ang maliliit na negosyo. Isa akong maipagmamalaking miyembro ng unyon ng WEA at ang aking asawa ay miyembro ng UFCW 3000.

Dadalhin ko ang kaalaman sa komunidad, karanasan sa pagbabangko, kadalubhasaan sa mga Polisiya, at matatag na pamumuno sa ating Konseho ng Lungsod. Nangangako akong magiging pinunong kailangan ng ating komunidad – isang taong nakikinig at nagtataguyod para sa mga walang boses.

Isang karangalan para sa akin na makuha ang inyong suporta at maging kinatawan ng ating distrito.

*Ang kandidatong ito ay kalahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** Silas James

**Pangalan ng Kampanya:** Silas for Seattle

**Website ng Kampanya:** https://silasforseattle.com/

**Posisyon sa Lungsod:** Konseho ng Lungsod Distrito 5

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** (425) 224-5463

Ako si Silas James, at tumatakbo ako para sa Seattle City Council sa District 5 upang gawing mas mahusay ang ating lungsod para sa lahat. Bilang isang guro, mananaliksik, tagapagtaguyod, at Tagapangulo ng Seattle Disability Commission na mayroong kapansanan, ako ay nabigo sa ating mga sirang sistema. Nakatuon ako sa pagtitiyak na ang mga mayayamang korporasyon ay nagbabayad ng kanilang patas na bahagi, pagpapalawak ng abot-kayang pabahay, at paglikha ng mga solusyong nakabatay sa komunidad para sa pampublikong kaligtasan at katarungang pangklima. Kung gagawa tayo ng Seattle na makikinabang ang ating mga pinaka-mahina na kapitbahay, lahat ay makikinabang.

Sa halos buong buhay ko, nag-navigate ako sa mga pampublikong benepisyo; sa pamamagitan ng karanasang ito, naging eksperto ako sa mga kumplikadong sistemang ito. Nakapag-gabay na ako sa mga tao nang paisa-isa at nagturo sa mga grupo kung paano maging matagumpay, pero ngayon panahon na para ayusin ang mga sistema mismo, at lahat ng Seattle ay makikinabang.

Tumakbo ako upang bigyan ang mga tao ng mga kasangkapan na kailangan nila upang umunlad at upang maging ligtas ang ating mga komunidad para sa mga tao anuman ang kanilang pagkatao, pinagmulan, o kung gaano man karaming pera ang mayroon sila.

Hinihiling ko ang iyong suporta sa aking kampanya sa pamamagitan ng pag-assign ng iyong Democracy Vouchers kay Silas para sa Seattle. Siguraduhin nating ang kinabukasan ng ating lungsod ay para sa atin, hindi para sa mga bilyonaryong korporasyon.

*Ang kandidatong ito ay kalahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



Pangalan ng Kandidato: Nilu Jenks

Pangalan ng Kampanya: Neighbors

for Nilu

Website ng Kampanya:
https://www.neighborsfornilu. org

Posisyon: Konseho ng Lungsod Ika-5 Distrito

Numero ng Telepono ng Kampanya: 206-321-9890

Sa North Seattle kung saan nagsisilakihan ang aking mga anak, kung saan ang mga kapitbahayan ay tuluyan nang naging mga habang-buhay na kaibigan, at kung saan ko ibinigay ang mga taon ng aking pagtatrabaho upang bigyan-kapangyarihan ang ating komundad. Mula sa mga pakikipag-kwentuhan sa parke na para sa mga aso hanggang sa mga pagpupulong ng komunidad, ikinagagalak kong makapanayam ang mga kapitbahayan at magtatag ng uri ng komunidad na kung saan ang mga tao'y nag-aasikaso sa isa't isa. Tumatakbo ako upang pagsilbihan ang Ika-5 Distrito, dahil minamahal ko ang lugar na ito.

Anak na babae ako ng mga imigranteng nagmula ng Iran, isang umaadbokasya sa komunidad, at isang inang nagtatrabaho na may dalawang anak. Ginugul ko ang ilang mga taong katrabaho ang mga kapit-bahayan upang paunlarin ang ating mga paaralan, bigyan-kapangyarihan ang mga kapit-bayahan, at magtatag ng inklusibong komunidad.

Sa Konseho ng Lungsod, ipaglalaban ko ang abot-kayang pabahay na malapit sa mga paaralan, mga parke, at mga transit. Aking bibigyan-pansin ang mga puwang na naiwan batay sa kakayahan na makatanggap ng pagkain na nagmula sa pagsasara kailan lang ng mga tindahan at mga parmasya na nagdulot ng mas-mahirap ng pang-araw-araw na pamumuhay para sa mga pamilya at mga matatanda. Nakatuon ako para sa hustisyang pang-klima at mas-ligtas na mga kalsada, pagpapakalma ng trapiko, at ang pag-kuha ng mga bangketang para sa ating mga kapitbahayan na ilang dekada nang ipinangako sa atin.

Sa aking pagtatrabaho sa FairVote Washington, natulungan ko ang pagsasama-sama ng mga tao sa kalawakan ng komunidad upang palakasin at protektahin ang ating demokrasya.

Ang kampanyang ito ay pinapalakas ng mga kapitbahayang naniniwala na ang Ika-5 Distrito ay kinararapatan ng pamumuno na nagpapakita, nakikinig, at nagsasagawa. Yan eksakto ang aking intensyon na gagawin.

*Ang kandidatong ito ay kalahok sa Programa ng Democracy Voucher.*



**Pangalan ng Kandidato:** **Dimitri Georgakopoulos**

**Pangalan ng Kampanya:** **Passionate Advocacy for a better Seattle (Masigaisg na Pagsusulong para sa mas mabuting Seattle)**

**Posisyon:** **Konseho ng**

**Lungsod Distrito 5**

**Numero ng Telepono ng Kampanya:** **206.409.7275**

**Pagpapakilala ng Kandidato (200-salita na limitasyon):**

Ako ay Seattle — at Handa akong maging ang kanyang pinakamahigpit na tagapagtaguyod

Lumaki sa Montlake, nag-aaral sa Garfield High School, hinubog ng Seattle University — binuo ako ng lungsod na ito. Sa loob ng halos tatlong dekada, ako ay naking negosyante dito: noong una nagmamay-ari ng mga restawran na Griyego, at pagkatapos, humubog ng isang karera bilang lisensyadong broker ng real estate. Pinanood ko ang pangako ng Seattle na harapin ang mahihirap na hamon na walang naging kasiya-siyang resulta.

Nangako ang mga politiko ng abot-kayang pamumuhay. Ang Seattle ay nananatiling hindi abot-kaya. Nangako sila ng kaligtasan. Laganap pa rin sa Aurora ang sex trafficking at mga mapagsamantalang negosyo. Bumuo sila ng mga bike lane habang naubos ang mga komersyal na koridor, naiwanan ang mga negosyante nang walang suporta, at ang pabahay para sa mga mababang kita ay nakatuon sa Distrito 5 nang walang pagkakapantay-pantay o pangitain.

At habang ang mga pinuno ay abala sa ibang bagay, isang tahimik na banta ang lumalaki — inaalis ng artificial intelligence ang mga Trabaho, at binabago ang hinaharap ng pagtulago ng ating mga lungsod.

Pambihira ang Distrito 5 — isang tapiserya ng mga kultura, nakakamanghang mga tanawin, at napakalaking potensyal na hindi pa nagagamit. Nararapat sa kanya ang isang pinuno na nakikita iyon, ipinaglalaban iyon, at kumikilos para roon.

Hindi ako isang propesyonal na politiko. Ako ay isang kapitbahay, inyong tagapagtaguyod, at isang realista. Kailangan ng Distrito 5 ang mga tunay na solusyon. Handa akong maghatid ng mga ito.

*Ang kandidatong ito ay kalahok sa Programa ng Democracy Voucher.*